ACTIA

ALAMEDA COUNTY TRANSPORTATION IMPROVEMENT AUTHORITY

# Access Alameda

www.accessalameda.org

## Mga Serbisyo sa Transportasyon para sa Mga May-Edad at Mga Taong May Kapansanan sa Alameda County











- Madaling Pagbibiyahe sa Alameda County
- Mga Programa ng ADA na Paratransit (o Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan) at Mga Kinakailangan upang Maging Kuwalipikado
- Mga Nasa-Lungsod na Programa ng Alameda County na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan
- Mga Pamamaraan upang makakuha ng Impormasyon

Tagsibol 2008

Ika-3 Edisyon

# Mga Nilalaman


Buod ........ 1

Paggamit sa Pampublikong Pagbibiyahe ........ 3

Programa ng ADA na Paratransit (o Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan) ........ 5

Buod ng Programa ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ........ 5

Mga Serbisyo ng ADA sa Alameda County ........ 7

Paano Ako Magiging Kuwalipikado para sa Serbisyo ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan? ........ 10

Paano Kung Nakakagamit Ako ng Pampublikong Pagbibiyahe Ngunit May Kahirapan? ........ 11

Mga Uri ng Kuwalipikasyon para sa ADA ........ 12

Mga Nasa-Lungsod na Programa ........ 13

Serbisyo na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ayon sa Lungsod ........ 14

Aling Serbisyo ang Tama para sa Akin? ........ 16

Buod ng Nasa-Lungsod na Programa ........ 17

Mga Impormasyong Makakatulong tungkol sa Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ........ 28

Paano Kunin ang Pinakamabuting Maibibigay ng Iyong Programa na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ........ 28

Pagsakay nang Ligtas ........ 29

Pagpili ng Aparato para sa Paggalaw para Gamitin sa Regular na Pagbibiyahe at Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ........ 29

Ang Programa ng AC Transit na Pagmamarka at Panali sa Silyang De-gulong ........ 30

Paglalakbay na may Kasama o Personal na Tagapangalaga ........ 31

Mga Pamamaraan para sa Madaling Gamitin na Transportasyon ........ 32

Telepono at On-line na Impormasyon ........ 32

Serbisyo sa Transportasyon Kapag Nasira ang Silyang De-gulong ........ 33

Mga Impormasyon sa Ibang Format ........ 34

Mga Impormasyon sa Ibang Lengguwahe ........ 34

Kard ng Diskuwento para sa Regional Transit Connection (Koneksiyon sa Pagbibiyahe sa Rehiyon) ........ 34

Mga Pagkakataon upang Makilahok ........ 35

Mga Impormasyong Makakatulong upang Maging Handa para sa Emerhensiya ........ 36

Maigsing Listahan ng Impormasyon sa Telepono ........ 37


**Ang impormasyon sa brosyur na ito ay maaaring magbago.**
**Sumangguni sa iyong tagabigay ng serbisyo sa pagbibiyahe para sa pinakabagong impormasyon.**

# Buod

Ang paglalakbay sa Alameda County at sa kabuuan ng Bay Area ay hindi dapat mahirap. Depende kung saan ka nakatira, saan ka pupunta, ilang taon ka, at ang iyong kakayahang gumamit ng pampublikong pagbibiyahe, dose-dosenang mga sistema ng pagbibiyahe at mga programa sa transportasyon – kabilang ang hanay ng mga espesyal na serbisyo para sa mga may-edad at mga taong may kapansanan – ay maaari mong gamitin. Kabilang sa ilang mga halimbawa ang sumusunod:



- **Mga lokal na sistema ng pampublikong pagbibiyahe,** kabilang ang AC Transit, BART, Union City Transit, at WHEELS.

- **Mga lokal na serbisyo na balik-balikang biyahe** gaya ng Emery Go Round, West Berkeley Shuttle at San Leandro LINKS.



- **Mga serbisyo ng riles at bus na nagbibigay ng mga panrehiyong koneksiyon** gaya ng AC Transit, BART, Amtrak at Altamount Commuter Express (ACE).



- **Mga biyahe sa bangka** sa pagitan ng East Bay at San Francisco.

- **Mga serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan** na iniuutos ng Americans with Disabilities Act (ADA) gaya ng East Bay Paratransit, Union City Paratransit at WHEELS Dial-a-Ride.




- **Mga lokal, nasa-lungsod na programa sa transportasyon at mga balik-balikang biyahe** para sa mga may-edad at mga taong may kapansanan.




- **Mga programa sa van at bus** na ini-isponsoran ng mga ahensiya ng mga serbisyong panlipunan, mga lungsod, mga sentro para sa mga may-edad at mga ospital. Kabilang sa ilang mga halimbawa ang balik-balikang biyahe ng Kaiser-Permanente mula sa estasyon ng MacArthur BART, ang Bay Area Community Services Oakland Senior Shuttle, at transportasyong ibinibigay ng Alzheimer's Services ng East Bay.

Ang brosyur na ito ay nagbibigay ng impormasyon upang tulungan kang maghanap ng mga pagpipiliang madaling gamitin na transportasyon na maaaring gamitin ng mga may-edad at mga taong may kapansanan sa Alameda County. Bagaman natutugunan ng isang serbisyo ang lahat ng iyong mga pangangailangan sa transportasyon, maaaring nais mong gamitin ang kumbinasyon ng mga programa at serbisyo para sa paglalakbay papunta sa iba't ibang destinasyon.

Inilalarawan ng susunod na tatlong seksiyon ang hanay ng mga madaling gamiting serbisyo sa transportasyon. Para sa mga taong di-pinapahintulutan ng kanilang kapansanan na gumamit ng pampublikong pagbibiyahe, ibinibigay ang impormasyon kung paano maging kuwalipikado para gamitin ang mga kailangang serbisyo sa ilalim ng Americans with Disabilities Act. Ang espesyal na pinagtutuunan ng brosyur na ito ay ang nasa-lungsod na mga programa sa transportasyon na nagbibigay ng mga pagpipiliang espesyal na programa sa transportasyon para sa mga may-edad at mga taong may kapansanan bilang dagdag sa tradisyonal na mga serbisyo sa pagbibiyahe.

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon na hindi tinatalakay sa brosyur na ito (gaya ng partikular na mga iskedyul ng pagbibiyahe at mga pasahe at lokal na serbisyo na balik-balikang biyahe) tumawag sa 511 o bisitahin ang www.511.org.



## Paggamit sa Pampublikong Pagbibiyahe

Ang mga bus at tren ang pinakakombinyenteng uri ng pampublikong transportasyon para sa maraming tao. Ang mga regular na ruta ng bus at tren ay nangangailangan ng mas kaunting pagpaplano kaysa sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan: ang mga bus at tren ay tumatakbo sa iskedyul at tumitigil sa mga partikular na lokasyon, kaya palagi mong alam kung kailan at saan ka sasakay. Magandang ideya na dumating sa hintuan nang mas maaga.

Ang mga pasahe sa regular na pampublikong bus ay maaari ring 50 hanggang 75 porsiyentong mas mura kaysa sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, bago ang mga karagdagang diskuwento na makukuha ng mga may-edad at mga taong may kapansanan (tingnan ang pahina 34 para sa impormasyon sa Kard ng Diskuwento para sa Regional Transit Connection ng Bay Area). Kung hindi mo kabisado ang paggamit ng pampublikong pagbibiyahe, mayroong pagsasanay sa paglalakbay upang turuan ka kung paano bumiyahe nang komportable at ligtas sa bus o tren. Tawagan ang linya ng impormasyon ng Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan sa Alameda County (1-866-901-7272) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagkakataon ng pagsasanay sa paglalakbay.

Hinihingi ng Americans with Disabilities Act (ADA) na gawin ng mga ahensiya ng pagbibiyahe na mas madaling magagamit ng mga taong may kapansanan ang kanilang mga serbisyo. Narito ang ilang mga tampok na makikita mo sa mga pampublikong sistema sa Alameda County:




- Mga bus na may mga pang-angat ng silyang de-gulong at mga pasahero o mababang mga rampa sa sahig upang gawing madali ang pagsakay at pagbaba ng mga taong may kapansanan.
- Pagbibigay-importansya sa pag-upo sa mga bus at tren ng mga nangangailangan nito, ayon sa hinihingi ng pederal na batas.
- Mga drayber ng bus na nagsanay upang maipuwesto nang ligtas ang mga silyang de-gulong sa mga nakalaang espasyo.
- Mga drayber ng bus na nagsanay upang bigyan ang mga pasahero ng sapat na panahon para makaupo at sumakay at bumaba sa sasakyan, kapag kailangan.



Paggamit sa Pampublikong Pagbibiyahe

- Pag-aanunsiyo ng mga hintuan ng bus at tren sa mga malalaking kanto at lugar kung saan magpapalit ng sasakyan. Sa kahilingan ng mga pasahero ng bus, ang mga partikular na destinasyon ay maaaring i-anunsiyo.
- Mga estasyon ng BART na may mga elebeytor at eskaleytor sa lahat ng palapag, at walang mga aakyatin kapag sumasakay sa mga tren.
- Impormasyon sa ruta at iskedyul na ibinibigay ng mga ahensiya ng pagbibiyahe – makukuha sa pamamagitan ng telepono, on-line o naka-print - kabilang ang pinakamabuting paraan upang makarating sa iyong destinasyon. Ang impormasyong ito ay makukuha sa mga format gaya ng Braille o malalaking letra kung kailangan (kontakin ang ahensiya ng pagbibiyahe upang humingi ng mga alternatibong format).



Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyo ng pampublikong bus sa iyong lugar, tumawag sa 511, bisitahin ang www.511.org, o kontakin mismo ang iyong lokal na ahensiya ng pagbibiyahe.




- **AC Transit:** Sinisilbihan ang karamihan ng mga lungsod sa Alameda County at Western Contra Costa County.
  **510-891-4700; www.actransit.org**
- **BART:** Nagbibigay ng serbisyo ng riles sa mga county ng Alameda, Contra Costa, San Francisco at San Mateo. Mayroong 19 na mga estasyon ng BART na nakakalat sa buong Alameda County, na may magagandang koneksiyon ng bus sa bawat estasyon.
  **510-465-2278; www.bart.gov**
- **WHEELS:** Sinisilbihan ang lugar ng Tri-Valley (Livermore, Dublin at Pleasanton).
  **925-455-7500; www.wheelsbus.com**
- **Union City Transit:** Nagbibigay ng lokal na serbisyo sa Union City.
  **510-471-1411; www.unioncity.org**

May dalawang uri ng mga serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na magagamit sa Alameda County: Programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan at nasa-lungsod na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Tinatalakay ng seksiyong ito ang programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Pakitingnan ang pahina 13 para sa impormasyon tungkol sa mga nasa-lungsod na programa ng Alameda County.

## Buod ng Programa ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan

Hinihingi ng Americans with Disabilities Act (ADA), na ginawang batas noong 1990, na maibigay ang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, bilang "garantiya ng seguridad" para sa mga tao na, dahil sa kanilang kapansanan, ay hindi nakakasakay sa mga regular na bus at tren paminsan-minsan o sa lahat ng pagkakataon. Ang programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay isang kasabay na serbisyo ng mga regular na serbisyo ng pampublikong transportasyon (mga bus at tren). Nangangahulugan ito na ang mga serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay tumatakbo sa parehong lugar, sa parehong mga araw at sa parehong mga oras gaya ng pagtakbo ng regular na pampublikong pagbibiyahe.



Ang serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay maaaring ibigay sa mga maliliit na bus, van, taksi, o sa mga sedan. Ito ay, sa kalahatan, pinagsasaluhang serbisyo sa pagsakay na dapat maireserba nang mas maaga di-kukulangin sa isang araw bago kailanganin ito. Susunduin ka ng serbisyo sa iyong bahay o sa bangketa at dadalhin ka sa iyong destinasyon. Maaaring tumigil ang sasakyan nang ilang beses habang bumibiyahe papunta sa iyong destinasyon upang sunduin o pababain ang ibang mga pasahero. Ang itinakdang oras ng pagsundo sa iyo ay maaaring maiba nang hanggang isang

oras sa oras na iyong hiningi. Ang mga drayber sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay hindi pumapasok sa mga tahanan ng mga tao o sa lokasyon ng kanilang destinasyon. Ang mga sumasakay na nangangailangan ng tulong lampas ng kung ano ang maibibigay ng drayber ay maaaring magdala ng katulong o “tagapangalaga” kasama nila na walang karagdagang bayad. Sumangguni sa gabay ng ahensiya para sa sumasakay para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa ibinibigay na serbisyo. Tingnan ang pahina 31 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsakay nang may kasamang tagapangalaga.

Bago gamitin ang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, dapat sinertipikahan na kuwalipikado ang isang tao dahil sa isang kapansanan, na di-nagpapahintulot sa kanyang gumamit ng mga regular na bus o tren paminsan-minsan o sa lahat ng pagkakataon.

Ayon sa batas, maaaring kuwalipikado ka sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan kung nauukol sa iyo ang alinman sa sumusunod:

- Hindi ka pinapahintulutan ng iyong kapansanan na umakyat, sumakay, o bumaba sa bus o tren, nang walang tulong ng ibang tao.
- Hindi ka pinapahintulutan ng iyong kapansanan na pumunta o bumalik mula sa hintuan ng bus o tren.

Ang mas detalyadong impormasyon sa kuwalipikasyon para sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay nagsisimula sa pahina 10.



## Mga Serbisyo ng ADA sa Alameda County

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County, tumawag sa 511 o kontakin mismo ang iyong lokal na ahensiya ng pagbibiyahe:

### East Bay Paratransit Consortium | 510-287-5000 o 800-555-8085

- **Serbisyo:** Ang East Bay Paratransit, ang pinakamalaking tagabigay ng serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County, ay ini-isponsoran ng AC Transit at BART upang matugunan ang mga hinihingi ng ADA. Ang serbisyo ay makukuha sa parehong lugar kung saan nanunungkulan ang BART at AC Transit: mula Richmond o Pinole sa Norte, patungong Fremont sa Timog, at sa estasyon ng Pleasanton/Dublin BART sa Silangan. Mayroon ding serbisyo patungo at pabalik sa mga lugar sa San Francisco.
- **Mga Oras ng Serbisyo:** Bukas sa mga oras na tumatakbo ang mga bus ng AC Transit o mga tren ng BART sa partikular na sinisilbihang lugar.
- **Kuwalipikasyon:** Ang East Bay Paratransit ay nagbibigay ng iniuutos-ng-ADA na transportasyon para sa mga taong hindi nakakagamit ng mga bus ng AC Transit o mga tren ng BART dahil sa isang kapansanan o nakakapanghinang kondisyon ng kalusugan.
- **Aplikasyong kinakailangan upang mag-aplay para sa mga serbisyo ng East Bay Paratransit:** Upang gamitin ang East Bay Paratransit dapat ay sinertipikahan kang kuwalipikado batay sa iyong hindi pagkakagamit ng mga bus o tren. Kung nakatira ka sa lugar na sinisilbihan ng East Bay Paratransit, mag-aplay mismo sa East Bay Paratransit. Kung nakatira ka sa Union City o sa lugar na sinisilbihan ng WHEELS, dapat kang mag-aplay mismo sa mga opereytor para sa sertipikasyon sa ADA. Tawagan ang East Bay Paratransit sa 510-287-5000 kung gusto mong maipadala sa iyo sa koreo ang aplikasyon, o i-download ang aplikasyon sa www.accessalameda.org.



## WHEELS Dial-A-Ride | 925-455-7500

- **Serbisyo:** Ibinibigay ng WHEELS Dial-A-Ride ang mga serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa lugar ng Livermore-Dublin-Pleasanton.
- **Mga Oras ng Serbisyo:** Bukas 24 oras sa maghapon, 7 araw sa isang linggo. Ibinibigay ang lokal na serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa lugar ng Pleasanton sa mga oras na hindi bukas ang Pleasanton Paratransit Service.
- **Kuwalipikasyon:** Ang programa ay bukas sa mga indibiduwal sa Livermore, Dublin, at Pleasanton na, dahil sa kanilang kapansanan o kondisyong nauugnay sa kalusugan ay (1) hindi maka-akyat, makasakay at/o makababa nang nag-iisa sa madaling gamiting bus sa pagbibiyahe; o (2) hindi makapunta o makauwi mula sa sakayan o babaan. Dapat gamitin ng mga residente ng Pleasanton ang Pleasanton Paratransit Service sa oras na bukas ang Pleasanton Paratransit Service (tingnan ang pahina 25 para sa impormasyon tungkol sa Pleasanton Paratransit Service).
- **(Mga) aplikasyong kailangan upang mag-aplay para sa WHEELS Dial-A-Ride:** Mag-aplay sa WHEELS (maaaring hingin ang mga aplikasyon sa pagtawag sa 925-455-7500 o maaaring i-download mula sa web sa www.wheelsbus.com) o sa ibang ahensiya ng pagbibiyahe sa Bay Area. Dapat ding kumpletuhin ng mga residente ng Pleasanton na kuwalipikado para sa WHEELS Dial-a-Ride ang aplikasyon sa Pleasanton Paratransit Service (tingnan ang pahina 25 para sa karagdagang impormasyon).

## Union City Paratransit | 510-476-1500

- **Serbisyo:** Ang serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-bangketa sa buong Union City ay ibinibigay ng madaling gamiting mga sasakyang may pang-angat. Para sa mga pasaherong nakakalakad, may magagamit na sedan.

- **Mga Oras ng Serbisyo:** Lunes-Biyernes 4:15 nu-9:20 ng<br>Sabado 7:00 nu-7:30 ng<br>Linggo 8:00 nu-6:30 ng

  *Ang serbisyo ay bukas araw-araw maliban sa mga pista opisyal.*

- **Kuwalipikasyon:** Ang Union City Paratransit ay bukas sa mga residenteng, dahil sa kapansanan o kondisyong nauugnay sa kalusugan, ay hindi nakakasakay sa mga regular na bus. Ang mga taong kuwalipikado para sa Union City Paratransit ay magiging kuwalipikado rin para sa East Bay Paratransit at iba pang mga serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan.

- **(Mga) aplikasyong kailangan upang mag-aplay para sa Union City Paratransit:**

  Ang mga nag-a-aplay sa ADA ay dapat kumuha at magsumite ng aplikasyon para sa programa ng Union City. Ang mga taong kuwalipikado para sa Union City Paratransit ay kuwalipikado para sa East Bay Paratransit. Maaaring makuha ang mga aplikasyon sa pagtawag sa 510-675-5373 o maaaring i-download mula sa web sa www.unioncity.org/transit/paratransit.htm.

## Paano Ako Magiging Kuwalipikado para sa Serbisyo ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan?

*Pag-a-aplay para sa Kuwalipikasyon*

Ang proseso ng kuwalipikasyon ay maaaring bahagyang magkaiba sa pagitan ng mga ahensiya ng pagbibiyahe, kaya dapat mong tawagan ang iyong lokal na ahensiya ng pagbibiyahe upang alamin ang karagdagang impormasyon. Sa kalahatan, kabilang sa proseso ang mga sumusunod na hakbang:

- Tawagan ang iyong ahensiya ng pagbibiyahe – East Bay Paratransit, WHEELS Dial-A-Ride o Union City Paratransit – upang humingi ng form ng aplikasyon.
- Sundin ang mga panuto sa form na ibinibigay ng iyong ahensiya. Maaari kang kontakin ng kawani ng iyong ahensiya, hingin sa iyong magpadala ng karagdagang impormasyon, kontakin ang isang propesyonal sa kalusugan upang kumuha ng karagdagang impormasyon, o anyayahan ka para sa isang harap-harapang ebalwasyon ng iyong kakayahang sumakay ng pampublikong transportasyon.
- Maaaring kasama sa ebalwasyon ang pagtalakay kasama ng isang nagsanay na propesyonal sa kung bakit hindi ka nakakagamit ng pampublikong transportasyon. O, maaaring hingin sa iyong subukin ang ilang mga hakbang na kakailanganin kapag gumagamit ng bus o tren. Maaari kang magdala ng kasama papunta sa ebalwasyon at maaari mo ring dalhin ang karagdagang dokumentasyon, ngunit ang mga ito ay hindi hinihingi.
- Sa loob ng 21 araw pagkatapos matanggap ang iyong aplikasyon o pagkatapos mong makumpleto ang harap-harapang ebalwasyon, padadalhan ka ng ahensiya ng pagbibiyahe ng sulat tungkol sa iyong kuwalipikasyon. Kung hindi mo matanggap ang sulat na ito sa loob ng 21 araw, bibigyan ka ng pansamantalang kuwalipikasyon upang gamitin ang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan hanggang magawa ang pinal



na desisyon ng programa ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan. Maraming mga nasa-lungsod na programa ang nagbibigay ng limitadong pansamantalang serbisyo sa mga indibiduwal na naghihintay ng sertipikasyon ng ADA. Kontakin ang iyong lokal na programa ng lungsod (tingnan ang pahina 37) para sa karagdagang impormasyon.

- Kung maaprobahan ang iyong aplikasyon sa kuwalipikasyon para sa serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, tatanggap ka ng brosyur na may karagdagang impormasyon tungkol sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, kabilang ang impormasyon tungkol sa pagrereserba ng sasakyan.

## Paano Kung Nakakagamit Ako ng Pampublikong Pagbibiyahe Ngunit May Kahirapan?

**Ang isang taong nakakagamit ng mga bus at tren sa lahat ng pagkakataon upang maglakbay, kahit pa may kahirapan o di-kombinyente, ay hindi kuwalipikado para sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Upang maging kuwalipikado para sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, dapat ay hindi ka nakakagamit ng mga bus o tren paminsan-minsan o sa lahat ng pagkakataon dahil sa isang kapansanang pisikal, kapansanan ng paglilimi, ng paningin o ng pag-iisip. Ang kahirapan sa paggamit ng pampublikong transportasyon, o ang pagkakasuri bilang mayroong kapansanan, ay hindi mga awtomatikong dahilan upang maging kuwalipikado sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Gayun din, ang kuwalipikasyon ay hindi batay sa iyong edad, sa iyong kawalan ng kakayahang magsalita ng Ingles, o di-kombinyenteng serbisyo ng bus.**

**Kung hindi mo kabisado ang paggamit ng pampublikong pagbibiyahe, matutulungan ka ng pagsasanay sa paglalakbay upang maglakbay nang mas komportable gamit ang mga bus at tren. Maaari ring ipakilala sa iyo ng pagsasanay sa paglalakbay ang maraming mga tampok ng mga bus at tren kaya madali silang sakyan ng mga taong may kapansanan at limitasyon sa paggalaw. Tawagan ang linya ng impormasyon ng Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan sa Alameda County (1-866-901-7272) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagkakataon ng pagsasanay sa paglalakbay.**

## Mga Uri ng Kuwalipikasyon para sa ADA

Maaaring ipasiya ng ahensiya ng pagbibiyahe na ganap kang kuwalipikado, kuwalipikado ngunit may kondisyon, pansamantalang kuwalipikado, o di-kuwalipikado upang gumamit ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan.

- Maaaring gamitin ng mga taong **ganap na kuwalipikado** ang mga pagsakay sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa anumang oras na bukas ang serbisyo. Depende kung saan ka nakatira, maaari ring kuwalipikado kang gamitin ang iyong lokal na nasa-lungsod na programa para sa ilan o sa lahat ng iyong biyahe.
- Maaaring gamitin ng mga sumasakay na **kuwalipikado ngunit may kondisyon** ang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan para sa ilang mga biyahe, ngunit maaaring kailanganin nilang gamitin ang regular na pagbibiyahe para sa ibang biyahe, depende kung inaapektuhan ng ilang nakapanghihinang kondisyon o kondisyon sa kapaligiran ang nasabing biyahe.  Maaaring kuwalipikado ka upang gamitin ang iyong lokal na nasa-lungsod na programa para sa ilan o lahat ng iyong mga biyahe, depende sa kanilang hinihingi sa kuwalipikasyon.
- Ang mga sumasakay na **pansamantalang kuwalipikado** ay binibigyan ng kuwalipikasyon para sa panahong inaasahang hindi sila papahintulutan ng kanilang kapansanan na gumamit ng regular na pagbibiyahe. Ang mga taong pansamantalang kuwalipikado para sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay maaari ring kuwalipikado para sa kanilang lokal na nasa-lungsod na programa, depende sa mga hinihingi para sa kuwalipikasyon.

Kung **ipagkakait sa iyo ang kuwalipikasyon** nangangahulugan ito na ipinasiya ng ahensiya na nakakagamit ka ng regular na pagbibiyahe, at hindi mo maaaring gamitin ang serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng ahensiya, maaari kang umapela. Ang mga bilin kung paano umapela ay kasama ng form ng aplikasyon. Kahit pa mapagpasiyahang hindi ka kuwalipikado sa programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, maaaring kuwalipikado ka pa ring gamitin ang iyong sariling nasa-lungsod na programang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, depende sa mga hinihingi para sa kuwalipikasyon.

## Mga Nasa-Lungsod na Programa

Maraming mga lungsod sa Alameda County ang nagbibigay ng kanilang sariling lokal na programang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Ang mga lokal na programang ito ay karaniwang nagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon para sa kapwa mga may-edad at mga taong may mga kapansanan, bagaman ang ilang mga programa ay para lamang sa mga taong kuwalipikado para sa ADA. Ipinapakita ng talaan sa sumusunod na pahina ang mga komunidad na sinisilbihan ng bawat nasa-lungsod na programa.

Marami sa mga programang ito ay hindi iniuutos ng Pederal na batas, ngunit naipatupad na ng mga lungsod sa Alameda County upang magbigay ng karagdagang mga alternatibong transportasyon sa mga miyembro ng komunidad na walang ibang pagpipiliang transportasyon. Ipinasa ng mga botante sa Alameda County ang lokal na buwis sa pagbebenta sa transportasyon, kilala bilang Measure B, na pumopondo sa marami sa mga programang ito.






## Serbisyo na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ayon sa Lungsod


Inililista ng talaan sa ibaba ang mga komunidad na sinisilbihan ng bawat nasa-lungsod na programang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Inililista rin nito ang mga serbisyo ng programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na nagsisilbi sa bawat komunidad. Ipinapakita ng mapa sa kaharap na pahina ang mga lugar na sakop ng tatlong serbisyo ng programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County, pati na ang lokasyon ng mga nasa-lungsod na programa. Bawat nasa-lungsod na programa ay inilarawan nang mas detalyado simula sa pahina 18.

<table>
<tr><th>Nasa-Lungsod na Programa</th><th>Nagsisilbi sa Mga Residente Ng...</th><th>Lugar na Sinisilbihan ng ADA</th></tr>
<tr><td>Alameda</td><td>Alameda</td><td rowspan="8">East Bay Paratransit (EBP)</td></tr>
<tr><td>Albany</td><td>Albany</td></tr>
<tr><td>Berkeley</td><td>Berkeley</td></tr>
<tr><td>Emeryville</td><td>Emeryville</td></tr>
<tr><td>Fremont</td><td>Fremont</td></tr>
<tr><td>Hayward</td><td>Hayward, Castro Valley, San Lorenzo</td></tr>
<tr><td>Newark</td><td>Newark</td></tr>
<tr><td>Oakland</td><td>Oakland, Piedmont</td></tr>
<tr><td>Pleasanton</td><td>Pleasanton, Sunol</td><td>WHEELS Dial-a-Ride* (Pleasanton lamang)</td></tr>
<tr><td>San Leandro</td><td>San Leandro</td><td>East Bay Paratransit</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Union City</td><td rowspan="2">Union City</td><td>East Bay Paratransit</td></tr>
<tr><td>Union City Paratransit</td></tr>
</table>

* Ang WHEELS Dial-a-Ride ay nagsisilbi rin sa Dublin at Livermore at pinagdurugtong ang EBP at BART. Sa ilang mga oras, nagbibigay ang Pleasanton Paratransit ng mga serbisyo ng ADA sa halip na WHEELS.

# Alameda County

## Mga Programa ng ADA at Nasa-Lungsod na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan



## Aling Serbisyo ang Tama para sa Akin?

Ang iba't ibang mga uri ng mga serbisyo sa pagbibiyahe ay naaangkop para sa iba't ibang mga grupo ng sumasakay. Maraming mga regular na serbisyo sa pagbibiyahe ang nakatutugon sa karamihan ng mga pangangailangan ng mga tao sa transportasyon, kahit papaano sa ilang mga pagkakataon. Depende kung saan ka nakatira, sa iyong edad, at anumang kapansanang maaaring mayroon ka, maaaring kuwalipikado ka para sa ibang mga programa at serbisyo sa transportasyon.







| *Aling serbisyo ang tama para sa akin kung ako ay...* | *Serbisyo ng Regular na Bus at Riles* | *Nasa-Lungsod na Programa sa Transportasyon* | *Programa ng ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan* |
|---|---|---|---|
| **May-edad?** | ☒ | Depende sa programa sa iyong lungsod | Depende sa iyong pisikal na kakayahan |
| **Sinertipikahang kuwalipikado para sa ADA?** | ☒ | ☒ | ☒ |
| **May kapansanan, ngunit hindi sinertipikahan ng ADA?** | ☒ | Depende sa programa sa iyong lungsod | Hindi |
| **Hindi may-edad at wala ring kapansanan?** | ☒ | Hindi | Hindi |

## Buod ng Nasa-Lungsod na Programa

Ang mga serbisyong ibinibigay ng mga nasa-lungsod na programa ng Alameda County ay inilarawan sa mga sumusunod na pahina sa pagkakasunod-sunod na ayon sa alpabeto. Bagaman ang nasa-lungsod na programa ay natatangi, lahat ng mga nasa-lungsod na programa ay nagbibigay ng ilang uri ng serbisyo na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan o pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-bangketa, ibig sabihin maaaring masundo ang mga sumasakay sa kanilang bahay o ibang lokasyon at maihatid sa kanilang destinasyon. Kabilang sa ibang mga serbisyong ibinibigay ng ilan sa mga programang ito ay:



**Serbisyo sa Balik-balikang Biyahe:** Ibinibigay ng lungsod ang balik-balikang biyahe para sa mga lokal na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan at/o para sa mga biyaheng pamimili.



**Programang Voucher para sa Taksi:** Namimigay ang lungsod ng mga voucher na magagamit para sa pinababang halaga ng pagsakay sa taksi/van.



**Mga Espesyal na Biyahe ng Grupo:** Pinapatakbo ng lungsod ang mga espesyal na biyahe sa araw para sa mga kuwalipikadong residente.

Ang programa ng bawat lungsod ay may kanya-kanyang mga hinihingi para sa kuwalipikasyon, na maaaring magbago, kaya tawagan ang iyong lokal na programa para sa pinakabagong impormasyon. Upang magrehistro sa isang nasa-lungsod na programa, kakailanganin mong kumpletuhin ang isang aplikasyon. Tatanggapin ng lahat ng mga programa sa lungsod sa Alameda County, maliban sa programang Union City Paratransit Plus, ang Form ng Aplikasyon ng Alameda County para sa Mga Serbisyo na Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan, na makukuha bilang kalakip sa gabay na ito, o sa www.accessalameda.org. Ang mga aplikasyon ay maaari ring hingin sa pamamagitan ng pagkontak mismo sa programa. Maaaring hingin ng ilang mga programa ang karagdagang impormasyon bilang pandagdag sa form ng aplikasyon. Hinihingi ng ilang mga nasa-lungsod na programa na maisumite ang isang Aplikasyon sa ADA dagdag pa sa aplikasyon sa lungsod. Gayunpaman, ang kuwalipikasyon para sa East Bay Paratransit ay hindi nangangahulugang ito ay isang rekisito sa pagpapalista sa mga programang ito. **Hinihikayat ang mga indibiduwal na mag-aplay para sa lahat ng mga programa sa transportasyon kung saan maaari silang kuwalipikado.**

## Lungsod ng Alameda | 510-747-7506

- **Serbisyo:** Iniaalok ng Lungsod ang tatlong programa para sa mga residente: Isang nakabase-sa-taksi na Pandagdag Serbisyo sa Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan upang kasama ng serbisyo ng East Bay Paratransit, isang Medical Return Trip Improvement Program sa mga indibiduwal na sinertipikahan ng East Bay Paratransit na bumabalik mula sa mga medikal na pagpapatingin, at ang Premium na Serbisyo ng Taksi na nagbibigay ng 50 porsiyentong diskuwento para sa mga pagsakay sa taksi sa tagabigay ng serbisyo sa transportasyon sa Lungsod ng Alameda. Ibinibigay din ang isang Programang Iskolarsip, mga espesyal na biyahe ng grupo at libreng mga libro ng kupon sa East Bay Paratransit.
- **Mga Oras:** Ang mga pagsakay sa taksi ay maaaring gawin pitong araw sa isang linggo (24 oras sa maghapon). Kapag hindi bukas ang serbisyo ng East Bay Paratransit, mayroong magagamit na serbisyo ng taksi sa pamamagitan ng Pandagdag sa Serbisyo na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan.
- **Kuwalipikasyon:** Ang Pandagdag sa Serbisyo na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan ay bukas sa mga residenteng sinertipikahan ng East Bay Paratransit, o sa mga naghihintay ng sertipikasyon. Para sa Premium na Serbisyo ng Taksi, kuwalipikado ang sumusunod na mga grupo: 1) Mga residente ng Alameda na sinertipikahan ng East Bay Paratransit, 2) mga residenteng edad 75 at mas matanda, anuman ang kapansanan, o edad 70 at mas matanda na walang lisensiya sa pagmamaneho. Ang mga biyahe ng grupo ay bukas sa mga residenteng edad 50 at mas matanda. Ang mga sambahayang may “napakababang kita” ay kuwalipikado para sa Programang Iskorlarsip.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

**Lungsod ng Albany |** 510-524-9122

- **Serbisyo:** Binibigyan ng Lungsod ng Albany ng subsidiya ang mga pagsakay sa taksi, at nagbibigay ng mga biyaheng pamimili at mga biyahe ng grupo. Tumawag para sa impormasyon tungkol sa pagrerehistro para sa mga biyahe ng grupo.
- **Mga Oras:** Ang mga pagsakay sa taksi ay maaaring gawin pitong araw sa isang linggo (24 oras sa maghapon). Ang mga biyaheng pamimili ay nakatakda sa mga umaga ng Miyerkoles at Huwebes. Ang mga biyahe ng grupo ay nakatakdang buwanan.
- **Kuwalipikasyon:** Ang mga residente ng Albany na 80 taong gulang o mas matanda o hindi nakakagamit ng AC Transit o BART dahil sa isang kapansanan o kondisyon ng kalusugan ay kuwalipikado para sa programa sa taksi. Para sa mga biyaheng pamimili at mga biyaheng pamamasyal ng grupo, maaaring umiral ang ibang pamantayan ng kuwalipikasyon.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

**Lungsod ng Berkeley** | 510-981-7269

- **Serbisyo:** Nagbibigay ang Lungsod ng Berkeley ng limitadong halaga ng subsidiya para sa paggamit ng regular na taksi at mga taksing nasasakyan ng silyang de-gulong, East Bay Paratransit, at mga kumpanya ng van para sa mga kuwalipikadong residente sa pamamagitan ng ilang mga programa sa tiket at voucher.

  Bilang dagdag dito, para sa mga residenteng may-edad, nagbibigay din ang Lungsod ng Berkeley ng mga mini-bus sa Sentro para sa May-Edad. Para sa mga residenteng may kapansanan, iniaalok ang emerhensiyang transportasyon para sa mga nakasakay sa silyang de-gulong, balik-balikang biyahe para sa bahay-silungan ng mga walang tirahan, at mga paglabas na pamamasyal.
- **Mga Oras:** Ang mga oras ay nag-iiba ayon sa serbisyo: ang mga taksi ay magagamit 24 oras habang ang mga serbisyo ng van ay bukas sa mas mga limitadong oras.
- **Kuwalipikasyon:**

  *(1) Programang Taksi Scrip (o mga may-diskuwentong kupon para sa pagsakay sa taksi):* (a) Sinertipikahan ng East Bay Paratransit bilang may-kapansanan, o (b) 70 taong gulang at mas matanda na may kitang hindi hihigit sa 30 porsiyento ng Karaniwang Kita sa Lugar.

  *(2) Programang Silyang De-gulong-Van:* Yaong mga naglalakbay gamit ang silyang de-gulong at sinertipikahan ng East Bay Paratransit, anuman ang kita.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Emeryville** | 510-596-3730

- **Serbisyo:** Ang Sentro para sa May-edad sa Emeryville ay nagbibigay ng mga pagsakay sa taksi at nagpapatakbo ng mga espesyal na biyahe sa araw para sa mga kuwalipikadong residente. Nagbibigay din ang Sentro ng may mga subsidiyang tiket sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan para sa mga residenteng kuwalipikado dahil sa kita.
- **Mga Oras:** Ang mga pagsakay sa taksi ay maaaring gawin pitong araw sa isang linggo, 24 oras sa maghapon.
- **Kuwalipikasyon:** Ang programa ay bukas sa mga residente ng Emeryville na hindi nakakagamit ng regular na bus o BART dahil sa edad, kapansanan o kondisyon ng kalusugan.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Fremont |** 510-574-2053

- **Serbisyo:** Nagbibigay ng pinagsasaluhang-pagsakay, pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan na serbisyo sa transportasyon sa loob ng Fremont, Newark at Union City. Ang mga biyahe ng grupo na pang-sosyal at pamamasyal para sa mga may-edad at mga taong may kapansanan ay iniaalok din. Dapat kumpletuhin ng mga organisasyong humihingi ng transportasyon para sa biyahe ng grupo ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyo sa Transportasyon para sa Grupo.
- **Mga Oras:** Ang serbisyo sa transportasyon na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan ay bukas Lunes hanggang Biyernes, 8:00 n.u. hanggang 6:00 n.g. at Sabado at Linggo, 9:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Ang mga biyahe ng grupo ay itinatakda sa pamamagitan ng maagang pag-aayos.
- **Kuwalipikasyon:**

  *(1) Transportasyon na Pagsundo-mula-at-Paghahatid-hanggang-sa-Pintuan:* Ang serbisyo ay bukas sa mga residente ng Fremont na 80 taong gulang o mas matanda at sa mga residenteng mas bata sa 80 na may kapansanan o kondisyon ng kalusugan na hindi nagpapahintulot sa kanilang gamitin ang mga bus o BART.

  *(2) Mga Biyahe ng Grupo:* Ang mga may-edad (60 o mas matanda) at mga nasa tamang edad na may mga kapansanan ay kuwalipikado para sa mga biyahe ng grupo. Ang mga nasa-Fremont na organisasyon ng komunidad na nagsisilbi sa mga may-edad/mga taong may kapansanan ay maaari ring humingi ng transportasyon para sa grupo para sa mga pamamasyal ng kanilang mga miyembro.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Hayward |** 510-583-4230

- **Serbisyo:** Nagbibigay ng mga serbisyo sa transportasyon na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan upang dagdagan at samahan ang Serbisyong ADA ng East Bay Paratransit.
- **Mga Oras:** Ang serbisyo ay bukas mula 5:00 n.u. hanggang 10:00 n.g., pitong araw sa isang linggo.
- **Kuwalipikasyon:** Ang mga residente ng Hayward o katabing mga hindi naisamang lugar ay kuwalipikado kung sila ay lampas 18 taong gulang na may medikal o nakapanghihinang kondisyon na hindi nagpapahintulot sa kanilang gamitin ang ibang pampubliko/pribadong transportasyon. Ang mga residenteng lampas 80 taong gulang ay hindi nangangailangan ng form ng kasulatang medikal upang maging kuwalipikado.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Newark |** 510-791-7879

- **Serbisyo:** Ang Newark Paratransit ay nagbibigay ng serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan sa loob ng Lungsod ng Newark. Para sa mga biyahe sa labas ng Newark at sa paligid na lugar, dapat mag-aplay ang mga tao para sa East Bay Paratransit, ayon sa inilarawan sa pahina 7.
- **Mga Oras:** Lunes hanggang Biyernes, 8:30 n.u. hanggang 5:00 n.h.<br>Sabado at Linggo, 9:00 n.u. hanggang 2:00 n.h.
- **Kuwalipikasyon:** Mga may-edad sa Newark (edad 65 at mas matanda) o mga taong may kapansanan (edad 18 at mas matanda).
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Oakland** | 510-238-3036

- **Serbisyo:** Ang Lungsod ng Oakland ay nagbibigay ng limitadong mga voucher at subsidiya sa taksi scrip/van para sa mga kuwalipikadong gumagamit upang maglakbay sa Oakland, Piedmont at bahaging hilaga ng Alameda County. Nagbibigay din ang Lungsod ng serbisyong balik-balikang biyahe sa Kanluran/Hilagang Oakland at Silangang Oakland. Ang mga biyahe ng grupo ay makukuha kapag may paunang abiso.
- **Mga Oras:** Ang mga taksi scrip ay maaaring gamitin pitong araw sa isang linggo (24 oras sa maghapon). Ang mga voucher sa van ay maaaring gamitin pitong araw sa isang linggo (tumawag para alamin kung may magagamit na van). Ang Oakland Shuttle ay tumatakbo mula 10:00 n.u. hanggang 2:00 n.h., Martes hanggang Biyernes sa Kanluran/Hilagang Oakland at Lunes sa Silangang Oakland.
- **Kuwalipikasyon:** Ang programa ay bukas sa mga residente ng Oakland at Piedmont na hindi nakakagamit ng pampublikong transportasyon at di-mas bata sa 18 taong gulang at may kapansanan sa pagkilos.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## **Lungsod ng Piedmont**

Tingnan ang Lungsod ng Oakland.

**City of Pleasanton | 925-931-5376**

- **Serbisyo:** Para sa mga residente ng Pleasanton, ang serbisyong pang-araw ay ibinibigay ng Pleasanton Paratransit. Ang serbisyo ay nagbibigay ng transportasyon na pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-pintuan at tinutulungan-ng-drayber.

  Para sa serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa mga oras kapag hindi bukas ang Pleasanton Paratransit Service, ang Awtoridad ng Pagbibiyahe sa Livermore-Amador Valley ay nagbibigay ng WHEELS Dial-A-Ride para sa mga sumasakay sa Pleasanton na kuwalipikado para sa ADA ayon sa inilarawan sa pahina 8.
- **Mga Oras:** Ang mga oras ng serbisyo ay 8:00 n.u. hanggang 5:30 n.h. Lunes hanggang Biyernes at 9:00 n.u. hanggang 4:00 n.h. sa Sabado.
- **Kuwalipikasyon:** Ang programa ay bukas sa mga residente ng Pleasanton at Sunol na 60 taong gulang at mas matanda, at mga residenteng may-kapansanan na 18-59 taong gulang (kuwalipikado sa ADA).
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

**City of San Leandro** | 510-577-3441

- **Serbisyo:** Ang serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na tinatawag na FLEX ay nagbibigay ng dalawang magkaibang uri ng serbisyo:
  - Ang serbisyo na *FLEX Shuttle* ay binubuo ng serye ng mga pagtigil ng balik-balikang biyahe sa buong Lungsod at sa mga importanteng lokasyon gaya ng mga sentro ng pamilihan, pagbibiyahe at komunidad.
  - Ang serbisyo na *FLEX Curb-to-Curb* (o pagsundo-mula-at-paghahatid-hanggang-sa-bangketa) ay nagpapahintulot sa mga kuwalipikadong residente na tumawag at magpareserba para sunduin sila ng balik-balikang biyahe at ibaba sila sa partikular na lokasyon sa loob ng San Leandro. Ang mga Biyahe sa Labas ng Bayan sa loob ng Alameda County ay ibinibigay din. Ang serbisyong ito ay maaari lamang kapag may appointment.

  Bilang dagdag, ang mga biyahe ng grupo ay iniaalok para sa mga organisasyong Nasa-Komunidad ng San Leandro na nagsisilbi sa mga may-edad at mga taong may kapansanan. Ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Paglilibang at Mga Serbisyong Pantao ay nag-aalok din ng mga Biyahe ng May-Edad sa Araw. Tumawag para sa impormasyon tungkol sa mga biyahe ng grupo.
- **Mga Oras:** Ang mga serbisyo ng FLEX ay bukas Lunes hanggang Biyernes. Ang FLEX Shuttle ay bukas mula 9:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Ang serbisyo na Pagsundo-mula-at-Paghahatid-hanggang-sa-Bangketa at mga Biyahe sa Labas ng Bayan para sa Medikal na Dahilan ay bukas mula 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Ang serbisyo ay bukas tuwing Lunes hanggang Biyernes ng taon maliban sa Bagong Taon, Araw ng Pasasalamat at Kapaskuhan.
- **Kuwalipikasyon:** Ang FLEX Shuttle ay bukas sa mga residente 60 taong gulang o mas matanda o di-mas bata sa 18 taong gulang at sinertipikahan ng East Bay Paratransit. Ang serbisyo na Pagsundo-mula-at-Paghahatid-hanggang-sa-Bangketa at Mga Biyahe sa Labas ng Bayan para sa Medikal na Dahilan ay bukas sa mga residenteng

75 taong gulang o mas matanda o di-mas bata sa 18 taong gulang at sinertipikahan ng East Bay Paratransit.

- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Mga Serbisyong Hindi-ADA na Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan na makukuha sa loob ng gabay na ito o on-line sa www.accessalameda.org.

## Lungsod ng Union City | 510-476-1500

- **Serbisyo:** Bilang dagdag sa serbisyo ng ADA (tingnan ang pahina 9) ang programang Paratransit Plus ay nagbibigay ng serbisyo sa labas ng lokal na lugar patungo sa mga parte ng Hayward, Newark at Fremont. Nagbibigay din ng mga biyahe ng grupo para sa mga grupo ng may-edad at mga may-kapansanan, at mga pansamantalang biyahe para sa medikal na dahilan (di-emerhensiya) para sa mga naghihintay ng Kuwalipikasyon sa ADA.
- **Mga Oras:** Lunes hanggang Biyernes 4:15 n.u. hanggang 10:25 n.g.
  Sabado 7:00 n.u. hanggang 7:30 n.g.
  Linggo 8:00 n.u. hanggang 6:30 n.g.

  Ang serbisyo ay bukas sa lahat ng araw ng taon maliban sa mga pista opisyal.
- **Kuwalipikasyon:** Ang Paratransit Plus ay bukas hindi lamang sa mga gumagamit na sinertipikahan ng ADA, ngunit pati na rin sa mga may-edad at mga taong naghihintay ng sertipikasyon ng ADA.
- **(Mga) aplikasyong hinihingi:** Para sa Paratransit Plus, kumuha at magsumite ng aplikasyon para sa programa ng Union City. Ang mga taong kuwalipikado para sa Union City Paratransit ay kuwalipikado para sa East Bay Paratransit. Ang mga aplikasyon ay makukuha sa pagtawag sa 510-675-5373 o maaaring i-download sa web sa:
  http://www.unioncity.org/transit/paratransit.htm.

# Mga Impormasyong Makakatulong tungkol sa Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan

## Paano Kukunin ang Pinakamabuting Maibibigay ng Iyong Programang Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan

- Kung ikaw ay naglalakbay patungo sa isang appointment, ibigay sa ahenteng nagrereserba ang oras kung kailan dapat kang makarating sa iyong destinasyon. Kapag pinaplano ang iyong biyahe, dapat isaalang-alang mo o ng iyong ahente ang oras "para sa" paglabas mo sa iyong bahay, pagsakay at pagbaba mula sa sasakyan, at biyahe mula sa sasakyan ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan papunta sa iyong destinasyon.
- Kapag nagtatakda ng biyaheng pabalik mula sa isang appointment (gaya ng medikal na appointment), maglaan ng karagdagang oras kung sakaling magtagal ang appointment.
- Bago ka tumawag upang ayusin ang iyong pagsakay, tiyaking tangan mo ang mga numero ng telepono sa iyong bahay, cell phone, at destinasyon (gaya ng opisina ng doktor) upang ibigay sa taong umaayos sa iyong pagsakay.
- Ilarawan nang malinaw ang lokasyon kung saan ka susunduin at ibababa kapag itinatakda mo ang iyong pagsakay upang madali kang makikita ng drayber.
- Sabihin sa ahenteng nagrereserba kung ikaw ay maglalakbay na may kasama, katulong na hayop, at/o aparato para sa paggalaw upang maipadala ang naaangkop na sasakyan para sa iyong pagsakay.
- Maraming mga programa na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ang naglalaan ng "reserbang" oras para sa pagsundo sa iyo. Tiyaking naroon ka sa lokasyon kung saan ka susunduin sa simula ng iyong reserbang oras para sa pagsundo. Tawagan ang iyong tagabigay ng serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan kung hindi dumating ang iyong sasakyan sa nakareserbang oras ng pagsundo para sa iyong biyahe. Aalamin ng dispatsador ang lagay ng iyong sasakyan.
- Kung mayroon kang mga paulit-ulit na pangangailangan sa paglalakbay sa parehong oras sa parehong araw, tanungin ang iyong tagabigay ng serbisyo tungkol sa pagsasa-ayos ng "umiiral na order."
- Ipagbigay-alam sa iyong tagabigay ng serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa lalong madaling panahon kung mayroong pagbabago sa iyong mga plano sa biyahe o kung kailangan mong kanselahin ang iyong pagsakay.
- Lahat ng mga programang pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga sumasakay na maghain ng mga reklamo o papuri. Sumangguni sa iyong tagabigay ng serbisyo para sa impormasyon kung paano ibibigay ang iyong komentaryo.

May ilang mga pamamaraan na makakatulong sa iyong maglakbay nang ligtas sa regular na pagbibiyahe at pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Kung gumagamit ka ng silyang de-gulong o scooter, pakitingnan din ang pahina 33 sa seksiyong "Mga Pamamaraan" para sa impormasyon tungkol sa Serbisyo ng ACTIA sa Transportasyon ng Silyang De-Gulong.

## Pagpili ng Aparato para sa Paggalaw para Gamitin sa Regular na Pagbibiyahe at Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan

Kung bumibili ka ng bago o kapalit na silyang de-gulong o scooter, ang uri ng aparatong pipiliin mo ay maaaring may mahalagang epekto sa iyong kakayahang sumakay nang ligtas sa mga sasakyan ng regular na pagbibiyahe at pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Maaari rin nitong apektuhan ang kakayahan ng drayber na maipuwesto nang maayos sa sasakyan ang iyong silyang de-gulong para sa ligtas na paglalakbay. Upang masigurado na ligtas na makakarga ng mga sasakyan ang iyong aparato para sa paggalaw, tandaan ang sumusunod kapag pumipili ng aparato para sa paggalaw:

- **Ang mga sasakyang ginagamit upang ibigay ang serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan at pagbibiyahe sa pirming-ruta ay dinisenyo upang kargahin ang "karaniwang silyang de-gulong" sa mga pang-angat sa bus o van at sa mga lokasyon para sa paniniguro sa kaligtasan.** Tinutukoy ng ADA na ang karaniwang silyang de-gulong ay may bigat na hindi hihigit sa 600 na libra kapag okupado, at hindi hihigit sa 30 pulgada kalapad at 48 pulgada kahaba (sinukat nang dalawang pulgada mula sa sahig). Ang ilang mga sobrang laking silyang de-gulong, mga scooter at mga nasasandalang upuan ay lumalampas sa mga sukat na ito. Maaaring hindi makarga ng mga pang-angat sa sasakyan ang mga mas malalaking aparato, at maaaring masyadong maliit ang espasyo sa loob ng sasakyan para maipuwesto ang mga ito. Dahil dito, maaaring tumanggi ang tagabigay ng serbisyo na kargahin ka.

  Dahil ang mga patakaran para sa pagdadala ng mga aparato para sa paggalaw na lumalampas sa mga sukat ng karaniwang silyang de-gulong ay nag-iiba sa pagitan ng mga programa sa transportasyon, dapat mong kontakin ang kawani ng programa *bago bumili ng napakalaking aparato para sa paggalaw.*

- **Kapag naglalakbay gamit ang regular na pagbibiyahe o pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, pinakamainam kung gumamit ka ng silyang de-gulong na nadisenyo at nasubok na para gamitin bilang upuan sa mga sasakyang de-motor.** Ang mga silyang de-gulong na tumutupad sa espesyal na pamantayan para sa kaligtasan ay tinutukoy bilang "WC19" o mga silyang de-gulong para sa "pagbibiyahe." Ang mga WC19 na silyang de-gulong ay mayroong apat na mga bahaging ligtas na pagkakabitan na sinubok na sa aksidente, kung saan madaling maikabit ang mga panali at sabitan na ginagamit sa mga sasakyan sa pagbibiyahe. Ang mga silyang de-gulong na nakakatugon sa mga hinihingi ng pamantayang ito kaugnay ng disenyo at paggana ay tatatakan upang maipakita na tumutupad sila sa WC19. Kung walang makukuhang WC19 na silyang de-gulong, ang susunod na pinakamabuting pipiliin ay ang isang silyang de-gulong na may madaling gamiting bakal na frame kung saan ang mga panali at sabitan na ginagamit upang ikabit ang aparato sa isang sasakyang de-motor ay maikakabit sa mga sugpungan ng frame.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang programa sa transportasyon na nagsisilbi sa iyong komunidad, o bisitahin ang www.accessalameda.org para sa mga link sa mga karagdagang pamamaraan.

## Ang Programa ng AC Transit na Pagmamarka at Panali sa Silyang De-gulong



Ang programang ito ay nagbibigay sa mga sumasakay ng mga bagay na tumutulong sa paggalaw gaya ng mga silyang de-gulong o mga scooter kasama ang pagkakataong makipagkita sa kawani ng AC Transit upang tukuyin at tatakan ang mga pinakamabuting bahagi para sa ligtas na pagkakabit sa mga bus ng AC Transit ng mga bagay na tumutulong sa paggalaw. Kung ang mga bahagi ng bagay na tumutulong sa paggalaw para sa ligtas na pagkakabit ay may di-regular na sukat o mahirap gamitin, maaaring ikabit ang mga panali na dinisenyo upang magamit sa mga aparato sa ligtas na pagkakabit na ginagamit sa mga bus ng AC Transit. Walang bayad para sa pakikilahok sa programa. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 510-891-7113.

## Paglalakbay na may Kasama o Personal na Tagapangalaga

Ang ilang mga tao ay bumibiyaheng may kasama kapag ginagamit ang regular na pagbibiyahe o pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Halimbawa, ang isang sumasakay sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay maaaring mangailangan ng tulong sa loob ng kanilang bahay kapag naghahanda para sa isang biyahe, o isang kasama mula sa sasakyan ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan papunta sa kanilang pinal na destinasyon. Sa karaniwan ang mga drayber ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay hindi nakapagbibigay ng ganitong uri ng tulong. Sa ibang mga kaso, ang mga sumasakay ay hindi maaaring ligtas na maiwanang nag-iisa at/o nangangailangang mabantayan kahit pa habang nasa sasakyan para sa kanilang sariling kaligtasan at kaligtasan ng iba pang mga pasahero at drayber ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan. Sa ganitong mga kaso, ang isang kasama o katulong sa personal na pangangalaga (PCA) na sumasama sa sumasakay ay maaaring kailangan para matiyak ang ligtas na paglalakbay. Ang mga PCA na sumasama sa mga sumasakay sa mga serbisyo ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay maaaring bumiyahe nang libre. Ang mga nadiskuwentuhang pasahe ay maaari para sa mga PCA na naglalakbay sa mga regular na bus o tren. Kontakin ang iyong lokal na ahensiya ng pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan o programa sa transportasyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran kaugnay sa mga PCA o kasama. Para sa impormasyon sa paghahanap ng tulong tungkol sa kasama sa transportasyon, tumawag sa 211, ang hotline ng Alameda County para sa mga rekomendasyon sa serbisyong panlipunan, o bisitahin ang Eden I&R's on-line Resource Finder sa www.alamedaco.info.

# Mga Madaling Gamiting Pamamaraan ng Transportasyon sa Alameda County

May mga pagkakataon upang alamin ang mas marami tungkol sa mga alternatibong transportasyon sa Alameda County sa pamamagitan ng telepono, internet, iba pang naka-print na bagay, at sa mga komite ng tagapayo sa komunidad.



## Telepono at On-line na Impormasyon

***Walang-Bayad 1-866-901-PARA (1-866-901-7272)***

Para sa impormasyon tungkol sa anuman sa mga programa sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa brosyur na ito o upang mas maintindihan kung aling mga serbisyo ang maaari para sa iyo, tumawag sa 1-866-901-PARA (1-866-901-7272) para sa impormasyon tungkol sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County. Ito ay walang-bayad na tawag.

***www.accessalameda.org***

Ang impormasyon tungkol sa mga programang ADA ng Alameda County at mga nasa-lungsod na programa ay makikita sa www.accessalameda.org. Maaari mong alamin ang mas marami pa tungkol sa mga hinihingi sa kuwalipikasyon para sa mga programa na nagbibigay ng (mga) serbisyo kung saan ka nakatira, magprint ng aplikasyon, at sa ilang mga kaso, mag-aplay on-line.

***511 Impormasyon sa Transportasyon***
***(On-Line sa www.511.org)***

Tumawag sa 511 o bisitahin ang website ng 511 upang makipag-ugnayan sa iyong ahensiya ng pagbibiyahe o anumang ibang ahensiya sa San Francisco Bay Area.

Ang 511 ay isang kombinyenteng pamamaraan para sa mga biyahe sa loob ng Alameda County o kapag kailangan mong pumunta saan pa man. Para sa impormasyon tungkol sa pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan, gamitin ang keypad o sabihin ang “paratransit” sa voice prompt sa main menu.

Sa susunod na voice prompt, sabihin ang pangalan ng lungsod kung saan ka nakatira para sa impormasyon tungkol sa tagabigay ng programa ng ADA na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan na tumatakbo sa iyong lugar. Ibinibigay din ng 511 ang mga detalye tungkol sa mga regular na ruta ng pampublikong transportasyon at mga pasahe. Upang kontakin ang iyong lokal na nasa-lungsod na programa, tingnan ang mga numero ng telepono sa pahina 37.

***211 Impormasyon tungkol sa Mga Serbisyong Pabahay, Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao***

Tumawag sa 211 upang makipag-usap sa isang opereytor tungkol sa mga pamamaraan upang makakuha ng impormasyon sa mga serbisyong pabahay, kalusugan at mga serbisyong pantao sa Alameda County. Ang 211 ay isang libreng serbisyong di-emerhensiyang pagrerekomenda na may mga taong opereytor 24 oras sa maghapon, 7 araw sa isang linggo. Ang impormasyon ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Intsik, at Vietnamese. Ang 211 on-line na Tagahanap ng Pamamaraan ay magagamit sa www.alamedaco.info.

***Mga Gabay sa Pamamaraan para sa Mga May-Edad ng Ahensiya ng Lugar para sa Pagtanda sa Alameda County***

Ang Ahensiya ng Lugar para sa Pagtanda ay gumagawa ng mga Gabay sa Pamamaraan para sa mga May-Edad sa Hilaga, Sentral, Silangan at Timog Alameda County. Ang Mga Gabay sa Pamamaraan ay nagbibigay ng impormasyon kung paano makipag-ugnayan para sa maraming sari-saring ahensiyang di-pinagkakakitaan at pampubilkong ahensiya na nag-aalok ng mga serbisyo na maaaring interesante sa mga may-edad at kanilang mga pamilya. Kabilang sa mga ito ang mga sentro para sa mga may-edad; pangangalaga sa araw sa mga nasa tamang edad, mga serbisyo sa tahanan at mga tagabigay ng serbisyong medikal; mga organisasyong nagbibigay ng tulong sa pabahay; mga ahensiyang nagbibigay ng tulong pinansiyal; at marami pang iba. Ang mga gabay sa pamamaraan ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Intsik at Farsi. Ang Mga Gabay sa Pamamaraan ay makikita sa website ng Ahensiya ng Lugar para sa Pagtanda, o sa pag-klik sa link na “Senior Resource Guides” sa www.accessalameda.org.

## Serbisyo sa Transportasyon Kapag Nasira ang Silyang De-gulong

***Tumawag nang Walang-Bayad sa 1-877-50-WHEEL***

Pinangangasiwaan ng Awtoridad sa Pagpapabuti ng Transportasyon sa Alameda County (ACTIA) ang serbisyo na nagbibigay ng transportasyon sa buong county sa mga taong nasa mga de-makina o de-motor na silyang de-gulong o mga scooter kapag nasira ang makina. Susunduin din ng programa ang silyang de-gulong na naiwan kung ang isang tao ay dinala sa ospital para sa isang emerhensiya.

Ang serbisyong ito ay libre. Para humingi ng tulong, tumawag nang walang-bayad sa 1-877-50-WHEEL (1-877-509-4335).

## Mga Impormasyon sa Ibang Format

Ang impormasyon tungkol sa mga sistema ng pagbibiyahe sa Alameda County ay makukuha sa malalaking letra, sa elektronikong paraan at sa computer disk kapag hiningi. Ang ilang mga tagabigay ng serbisyo sa pagbibiyahe ay may impormasyon sa Braille at iba pang mga format. Upang makuha ang impormasyong ito sa computer disk o sa format na malalaking letra, tumawag sa 1-866-901-PARA (1-866-901-7272) o bisitahin ang www.accessalameda.org.

## Mga Impormasyon sa Ibang Lengguwahe

Ang impormasyon sa brosyur na ito ay makukuha sa Ingles, Espanyol at Intsik. Upang hingin ang impormasyong ito sa ibang lengguwahe, tumawag sa 1-866-901-PARA (1-866-901-7272).

## Kard ng Diskuwento para sa Regional Transit Connection (Koneksiyon sa Pagbibiyahe sa Rehiyon)

Ang Kard ng Diskuwento para sa Regional Transit Connection (RTC) ay maaari para sa mga kuwalipikadong taong may mga kapansanan at mga mamamayang may-edad na 65 taong gulang o mas matanda sa mababang halaga. Pinapadali ng kard para sa iyo na ipakita ang iyong kuwalipikasyon para sa mga pinababang pasahe sa regular na pagbibiyahe, bus, riles at mga sistema ng pagbibiyahe sa bangka sa buong San Francisco Bay Area. Upang kumuha ng kard, dapat kang mag-aplay mismo sa iyong lokal na ahensiya ng pagbibiyahe. Kontakin ang iyong ahensiya ng pagbibiyahe para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-a-aplay (tingnan ang mga numero ng telepono sa pahina 37).

## Mga Pagkakataon upang Makilahok

***PAPCO (Komite ng Tagapayo sa Pagpaplano para sa Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan)***

Ang PAPCO ay isang komite na may mga miyembro mula sa publiko para sa mga taong gumagamit ng madaling gamiting transportasyon, at responsable para sa pagpapayo sa Lupon ng Awtoridad sa Pagpapabuti ng Transportasyon sa Alameda County (ACTIA) kung paano ang Measure B at iba pang mga pondo ay naipapamahagi sa mga tagabigay ng serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa bawat county; paano aayusin ang mga serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County; at ano ang maaaring gawin upang pahusayin ang mga serbisyo at impormasyon tungkol sa mga pagpipiliang madaling gamiting transportasyon para sa mga gumagamit.

Ang mga pagpupulong ay bukas sa publiko; ang mga miyembro ay itinatalaga. Ang PAPCO ay nagpupulong sa kalahatan sa ika-apat na Lunes ng buwan sa 1:30 n.h. sa opisina ng ACTIA, 1333 Broadway, Suite 300, Oakland. Tumawag sa ACTIA sa 510-893-3347 o sumangguni on-line sa www.actia2022.com para sa mga iskedyul at lokasyon ng pagpupulong.

***Mga Komite ng Tagapayo sa Lokal na Transportasyon***

Ang mga opereytor ng regular na pagbibiyahe at pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan ay naghahanap ng mga kliyenteng makikilahok sa mga komite ng tagapayo sa buong Alameda County: Kung ikaw ay regular na gumagamit ng pagbibiyahe, ang iyong pakikilahok ay pahahalagahan. Kabilang sa ilang mga halimbawa ng mga komite sa Alameda County ang East Bay Paratransit Service Review Advisory Committee, ang Technical Advisory Committee ng Lungsod ng Alameda, at ang Fremont Paratransit Advisory Committee. Kontakin ang mga programa sa transportasyon na iyong ginagamit upang alamin kung paano ka makikilahok.

## Mga Impormasyong Makakatulong upang Maging Handa para sa Emerhensiya *

***Limang Bagay na Madali Mong Magagawa Upang Maging Mas Handa***

- **Magdala palagi ng keychain flashlight at pito**
- **Isulat ang mahalagang impormasyon**—mga kontak at pamamaraan—at panatilihin itong ligtas.
- **Tanungin ang tungkol sa pagiging handa**—sa paaralan ng iyong mga anak, sa iyong trabaho, o sa iyong grupo sa kalapitbahayan.
- **Sabihin sa mga tao kung ano ang dapat nilang malaman**—paano ka kokontakin, paano lilikas, paano maghahanda
- **Mag-impake ng bag** na kaagad mong madadala upang umalis nang ligtas nang nagmamadali
(tingnan sa ibaba).

***Mga maigsing impormasyon para sa iyong pito at flashlight***

Binibigyan ng pito at flashlight ang sino man ng kanilang sariling personal na sistemang pang-alerto at babala.

Gamitin itong simpleng kodigo upang makipag-usap:

**1 ilaw/pito para sa "Oo"**

**2 para sa "Hindi"**

**3 para sa "Tulong!"**

***Pangunahing Labing-Isang Bagay na Isasama sa Iyong Personal na Bag***

Ilagay ang bag sa bahay, trabaho, at anumang ibang lugar kung saan mo ginugugol ang maraming panahon. Kung may emerhensiya, damputin ang iyong bag at umalis! Bisitahin ang www.firstvictims.org para sa mga link at pamamaraang nauugnay sa pagiging handa para sa emerhensiya.

- Pagkain
- Tubig
- Mga Damit
- Flashlight
- Pito
- Duct Tape
- Mga Bag ng Basura
- Radyo at Mga Baterya
- First Aid Kit
- Mga Papeles ng Pagkatao
- Mga Personal na Pangsuportang Bagay — Gamot, Mga Salamin sa Mata, Bagay na Tumutulong sa Pandinig

* Impormasyong ibinigay ng CARD – Mga Nagtutulung-tulong na Ahensiyang Rumeresponde sa Mga Sakuna (Website: www.FirstVictims.org).

## Maigsing Listahan ng Impormasyon sa Telepono

Para sa impormasyon tungkol sa pampublikong pagbibiyahe o transportasyon saan man sa Bay Area ........................................................511
o ...............www.511.org

Para sa rekomendasyon sa mga pamamaraan ng mga serbisyo sa kalusugan at mga serbisyong pantao sa Alameda County .211
o ...............www.alamedaco.info

Impormasyon tungkol sa Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan sa Alameda County.....................866-901-PARA (866-901-7272)

Serbisyo sa Pagkasira ng Silyang De-gulong .. 877-50-WHEEL (877-509-4335)

**Para sa mga emerhensiya.................................................911**

### *Mga Serbisyo sa Pampublikong Pagbibiyahe*

AC Transit ..................... 510-891-4700
BART ..................... 510-465-2278
WHEELS ..................... 925-455-7500
Union City Transit ..................... 510-471-1411

### *Pagbibiyahe para sa Mga Taong May Kapansanan*

Alameda ..................... 510-747-7506
Albany ..................... 510-524-9122
Berkeley ..................... 510-981-7269
East Bay Paratransit ..................... 510-287-5000
o ..............800-555-8085
Emeryville ..................... 510-596-3730
Fremont ..................... 510-574-2053
Hayward ..................... 510-583-4230
Livermore/Dublin/Pleasanton (WHEELS)..................... 925-455-7510
Newark ..................... 510-791-7879
Oakland ..................... 510-238-3036
Pleasanton ..................... 925-931-5376
San Leandro ..................... 510-577-3441
Union City ..................... 510-476-1500

***www.accessalameda.org***

MgaPamamaraan













Ang brosyur ay ginawa ng Awtoridad sa Pagpapabuti ng Transportasyon sa Alameda County (ACTIA)

Ang nilalaman at disenyo ay ginawa ng Nelson\ Nygaard Associates at pinondohan sa pamamagitan ng kalahating-sentimong buwis sa pagbebenta sa Alameda County.

Salamat kay Noah Berger para sa kanyang ambag na larawan sa brosyur na ito.

ALAMEDA COUNTY TRANSPORTATION IMPROVEMENT AUTHORITY

1333 Broadway, Ste. 300
Oakland, CA 94612
510-893-3347
www.actia2022.com

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo na pagbibiyahe para sa mga taong may kapansanan sa Alameda County, tumawag nang walang-bayad sa: 1-866-901-PARA (1-866-901-7272) o bisitahin ang www.accessalameda.org